

# PAANO BUMOTO

sa Pangunahing Halalan sa California sa Hunyo 2022

## Maging Handa

Kung kayo ay nakarehistro na upang makaboto, bisitahin ang [voterstatus.sos.ca.gov](https://voterstatus.sos.ca.gov) upang masiguro na lahat ng inyong impormasyon ay tama:

- Check your home address and email address
- Magpalista upang makatanggap ng mga materyales para sa eleksyon sa inyong nais na lengguwahe sa pamamagitan ng koreo o email

IKung kayo ay hindi pa nakarehistro, maaari kang magparehistro online sa [registertovote.ca.gov](https://registertovote.ca.gov) o kumuha ng form sa DMV, tanggapan ng koreo, silid-aklatan o sa inyong panglalawigang opisina ng eleksyon. Maaari rin kayong magpareshistro hanggang sa mismong Araw ng Halalan.

## Opsyon 1 – Bumoto mula sa Bahay

Kung kayo'y nakapag-parehistro na pagdating ng Mayo 23, matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo. Sagutan ang inyong balota, ilagay ito sa ibinigay na sobre, pirmahan, ilagay ang petsa, at selyuhan ang sobre.

Maaari ninyong ibalik ang balota sa pamamagitan **ng koreo**. Hindi kinakailangan ng selyo! Siguraduhin na mamarkahan ito ng koreo bago matapos ang araw sa Hunyo 7.

Maaari niyo ring ihulog ito sa panglalawigang opisina ng eleksyon o sa anumang lokasyon ng pagboto. Sa karamihan ng mga lalawigan ay mayroong mga ligtas na drop box na maaaring magamit mula sa unang bahagi ng Mayo.



## Option 2 – Bumoto ng Personal

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Hunyo 7. Ang botohan ay bukas mula **7 ng umaga hanggang 8 ng gabi**.

Maaari niyong makita ang inyong lugar ng botohan sa [sos.ca.gov/elections/polling-place](https://sos.ca.gov/elections/polling-place).

**Karamihan ng mga lalawigan ay mag-aalok din ng personal na pagboto mula Sabado, Mayo 28 hanggang Martes, Hunyo 7.** I-tsek ito sa inyong panglalawigang opisina ng eleksyon. Maaari niyong makita ang mga lugar ng botohan at mga drop box sa [CAearlyvoting.sos.ca.gov](https://CAearlyvoting.sos.ca.gov).

Upang higit na mapadali ang personal na pagboto, dalhin ang balotang natanggap sa koreo sa inyong lugar ng botohan.